Ang Communicantes sa Misa

Sa aming pakikiisa, at masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang araw na ito, na ang Iyong Bugtong na Anak, na kaisa Mong walang- hanggan sa Iyong luwalhati, ay nagpakitang may tunay na laman at katawang nadaramang katulad ng amin: at gayundin sa magalang na paggunita sa Mahal na Birheng Maria... *

Antipona sa Komunyon • *Lc 2:48-49*

Fili, quid fecísti nobis sic? ego et pater tuus doléntes quærebámus te. Et quid est, quod me quærebátis? nesciebátis, quia in his, quæ Patris mei sunt, opórtet me esse?

Anak, bakit mo naman ginawa ito sa amin? Lubha ang aming pag-aalala ng iyong ama sa paghahanap sa iyo. Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi po ba ninyo alam na ako'y dapat mamalagi sa bahay ng aking Ama?

Panalangin Matapos ang Komunyon

Supplices te rogámus, omnípotens Deus: ut, quos tuis réficis sacraméntis, tibi etiam plácitis móribus dignánter deservíre concédas. Per Dominum.

Pakumbaba naming isinasamo sa Iyo, makapangyarihang Dios, upang kami na binusog Mo sa sakramentong ito'y ikaw ay aming paglingkuran sa pamumuhay namin sa paraang iyong kinalulugdan. Alang-alang kay Hesukristong Anak mo...

Hermandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

LINGGO SA LOOB NG WALONG ARAW NA PAGDIRIWANG NG PAGPAPAKITA NG PANGINOON

LINGGO INFRAOCTAVA NG EPIFANÍA

Misa "In excelso throno"
Semidoble • Luntian

Pambungad na Antipona • *Kar 8:14-15*

In excelso throno vidi sedére virum, quem adórat multitúdo Angelórum, psalléntes in unum: ecce, cujus impérii nomen est in ætérnum. — *Ps 99:1* Jubiláte Deo, omnis terra: servíte Dómino in lætítia. *V.* Gloria Patri. In excelso...

Sa mataas na trono'y nakita kong nauupo ang isang lalaki; Siya'y pinupuri ng hukbo ng mga Anghel at umaawit sa iisang tinig: "Narito Siya, ang kaniyang kaharia'y 'di magwawakas." — *Salmo 99:1* Magdiwang kayo sa Diyos, kayong mga lupa: masayang paglingkuran ang Poong Mahal. *V.* Luwalhati sa Ama. — Sa mataas...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

Panalangin sa Misa (Kolekta)

Vota, quæsumus, Dómine, supplicántis pópuli cœlésti pietáte proséquere: ut et, quæ agénda sunt, vídeant, et ad implénda, quæ víderint, convaléscant. Per Dominum.

Ang pagdalangin ng Iyong bayan, Panginoon, nawa'y masintahin mong pakinggan, upang mabatid nila ang dapat nilang gampanan at pagkalooban sila ng lakas pakundangan sa kanilang nasaksihan. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristo...

Sa Misa ngayong araw, may paggunita sa Pista ng Pagpapakita ng Panginoon.

Sulat • *Rom 12:1-5*

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma.

Mga kapatid: alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y nakikiusap sa inyo na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buháy, banal at kalugud-lugod sa Diyos. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos. Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos. Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos sa akin,

sinasabi ko sa bawat isa sa inyo, huwag ninyong pahalagahan ang inyong sarili nang higit sa nararapat. Sa halip, pakaisipin ninyong mabuti ang tunay ninyong katayuan ayon sa sukat ng pananampalatayang ipinagkaloob ng Diyos sa bawat isa sa inyo. Kung paanong ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi at magkakaiba ang gawain ng mga ito, gayundin naman, kahit na tayo'y marami, nabubuo tayo sa iisang katawan ni Cristo, at tayong lahat ay bahagi ng isa't isa.
— *R.* **Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 71:18, 3; Ps 99:1*

BENEDICTUS Dóminus, Deus Israël, qui facit mirabília magna solus a sæculo.
V. Suscípiant montes pacem pópulo tuo, et colles justítiam.

PURIHIN ninyo ang Poong Diyos ng Israel, sapagka't gumawa siya ng mga kahanga-hangang bagay.
V. Bubukal ng kapayapaan ang mga bundok para sa Iyong bayan, ang mga burol nama'y katarungan.

Allelúia, allelúia. *V.* Jubiláte Deo, omnis terra: servíte Dómino in lætítia. **Alleluia.**

Aleluya, aleluya! *V.* Magdiwang kayo sa Diyos, kayong mga lupa: masayang paglingkuran ang Poong Mahal. **Aleluya.**

EBANGHELYO • *Lc 2:42-52*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NANG si Hesus ay labindalawang taon na, dumalo sila sa pista, ayon sa kanilang kaugalian. Sila'y umuwi na pagkatapos ng pista. Ang batang si Jesus ay nagpaiwan sa Jerusalem ngunit hindi ito napansin ng kanyang mga magulang. Sa pag-aakalang siya ay kasama ng pangkat, nagpatuloy sila sa maghapong paglalakbay. Pagkatapos, siya ay hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at mga kakilala, ngunit hindi nila natagpuan si Jesus. Kaya't bumalik sila sa Jerusalem upang doon maghanap. Pagkalipas ng tatlong araw, si Jesus ay natagpuan nila sa loob ng Templo. Siya'y nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya at nagtatanong sa kanila, at ang lahat ng nakakarinig sa kanya ay hangang-hanga sa kanyang pang-unawa at mga sagot. Namangha rin ang kanyang mga magulang nang siya'y makita. Sinabi ng kanyang ina, "Anak, bakit mo naman ginawa ito sa amin? Lubha ang aming pag-aalala ng iyong ama sa paghahanap sa iyo." Sumagot si Jesus, "Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi po ba ninyo alam na ako'y dapat mamalagi sa bahay ng aking Ama?" Ngunit hindi nila naunawaan ang sinabi niyang ito. Siya'y sumama sa kanila pauwi sa Nazaret, at siya'y naging masunurin sa kanila. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso. Patuloy na lumaki si Jesus sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 99:1-2*

JUBILATE Deo, omnis terra, servíte Dómino in lætítia: intráte in conspéctu ejus in exsultatióne: quia Dóminus ipse est Deus.

MAGDIWANG kayo sa Diyos, kayong mga lupa: masayang paglingkuran ang Poong Mahal. Lumakad tayo sa Kaniya na may masayang awitan, pagkat Poon ang ating Diyos.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

OBLATUM tibi, Dómine, sacrifícium vivíficet nos semper et múniat. Per Dóminum.

ANG HAIN na iniaalay namin sa Iyo, Panginoon, nawa'y makapagpabuhay at makapagpalinis sa amin. Alang-alang kay Hesukristong Anak mo...

PREPASYO SA PISTA NG PAGPAPAKITA NG PANGINOON

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus:

Quia, cum Unigenitus tuus in substántia nostræ mortalitátis appáruit, nova nos immortalitátis suæ luce reparávit.

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatiónibus cumque omni milítia coeléstis exércitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes. — **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Diyos Amang banal, makapangyarihan at walang-hanggan.

Sapagkat nagkatawang tao ang Anak mong Bugtong at nagpakita sa mga tao. Ibinalik niya kami sa dating kalagayan noong una sa bisa ng liwanag ng kaniyang walang hanggang kalikasan.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**